PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God ISSN-1656-0558 We Trust
VOL. 19 NO. 28 SEPTEMBER 7 - 13, 2020 10.00

# 5M DOSIS NG BAKUNA MULA SA IBA'T IBANG BRAND, DARATING SA CAVITE

Ibinahagi ni Cavite Governor Jonvic Remulla na nangako si IATF Chief Implementer Secretary Vince Dizon na magpapadala ang pamahalaan ng nasa 5 milyon dosis ng bakuna kontra COVID-19 sa lalawigan simula ngayong Setyembre.

"May firm commitment na po si IATF Chief Implementer Sec. Vince Dizon na sila ay magpapadala ng 5 million doses mula sa iba't-ibang vaccine brands or manufacturers," ani Remulla sa kaniyang post sa social media.

"Ito ay darating sa Cavite simula ngayong buwan: At least 1 million doses this September while the rest shall be sent progressively from October to December 2021," dagdag pa niya.

Sinabi rin ng gobernador na magkakaroon ng "final delivery confirmation" matapos ang magiging pagpupulong niya kasama ang mga alkalde sa lalawigan.

# OCD vows continued support to Bacoor quarantine efforts

**MANILA – To address the concerns of Bacoor City Mayor Lani Mercado raised regarding difficulties in managing the quarantine of her Covid-19 affected constituents, Office of Civil Defense (OCD) head and National Disaster Risk Reduction Management Council (NDRRMC) executive director, Undersecretary Ricardo Jalad, on Thursday directed the provision of additional support to the city.**

In a meeting done with OCD officials, OCD Calabarzon head Ma. Theresa Escolano reported that they have been closely working with the city in the management of their Covid-19 situation since the start of the pandemic operations.

During the meeting, Jalad directed Escolano to ensure that the additional positive cases in Bacoor will be housed in all available quarantine facilities in the region as well as provide other support such as the fuel for the transport vehicles and the needs of those in quarantine.

These will be done while the procurement process to engage the services of additional quarantine facilities (hotels) is in progress.

OCD Calabarzon reported that the temporary treatment and monitoring facilities (TTMFs) in the region can still accommodate more individuals. The Calabarzon TTMFs can house a total of 6,900 individuals with only 2,500 (35 percent) occupants currently admitted.

"The national government has opened these TTMFs to ensure that LGUs (local government units) will not be overwhelmed with the responsibility of taking care of their Covid-19 affected constituents. We will ensure that the Bacoor LGU and all other LGUs will be able to avail of this service," Jalad said.

"OCD-Calabarzon is in close communication with the office of Mayor Mercado so that we can continue supporting them while Bacoor is still preparing the proposal for the engagement of additional facilities," Escolano said.

Meanwhile, the Calabarzon Regional Inter-agency Task Force (RITF), through the Department of Social Welfare and Development, provided additional 4,000 family food packs earlier this August to the Bacoor to support the intensified granular lockdowns.

The Department of Education-Calabarzon, on the other hand, also committed the availability of their schools for conversion into isolation facilities if the need arises. The Department of Public Works and Highways is also building additional isolation facilities.

"We stick to the Bayanihan approach in dealing with this concern. OCD will continue to help the people of Bacoor as before, with the cooperation and assistance of its LGU, led by Mayor Lani Mercado, and our colleague agencies in government such as the DepEd, DOH (Department of Health), DPWH, DSWD," Jalad said.

"We will continue to execute our Covid-19 Response duties in support of the national effort without sacrificing the integrity of our systems. We will strictly adhere to the prescribed procedures in RA 9184 (Procurement Law)," he added.

Jalad's office has yet to receive the proposal documents such as the program of expenditure and other particulars relating to the request to open additional quarantine facilities mentioned by Mercado in her interview. (PR)

## 492 RADIO UNITS, NATANGGAP NG CARMONA MDRRMC

Masayang ibinahagi ng lokal na pamahalaan ng Carmona na nakatanggap ng 492 radio units ang mga bumubuo ng Carmona Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council (MDRRMC), Setyembre 3.

Inaasahan ng LGU na sa tulong ng mga naturang kagamitan ay mas maayos at mas mabilis na ang komunikasyon ng kanilang emergency responders tuwing may aksidente o kalamidad.

Batay sa kanilang pabatid, kabilang sa mga nakatanggap ng radio units ay ang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO), 14 na barangay sa bayan, PNP-Carmona, BFP-Carmona, Carmona Traffic Management Office (CARTMO), Civil Security Unit (CSU), at iba pang emergency frontliners.

Source: Municipality of Carmona, Cavite




## AMADEO LGU, NAGPATUPAD NG GRANULAR LOCKDOWNS SA ILANG BRGY

Sinimulan ng lokal na pamahalaan ng Amadeo, ang pagpapatupad ng localized granular lockdowns sa ilang barangay ng kanilang komunidad simula alas-6 ng Setyembre 2 upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.

Ang mga apektadong lugar ay ang mga barangay ng Banaybanay, Pangil, Tamacan, at ilang bahagi ng Poblacion 6.

Mula Setyembre 2 hanggang 12, ang mga residente lamang na may quarantine pass ang papayagang lumabas ng kanilang tahanan upang makakuha ng kanilang pangangailangan mula alas-6 ng umaga hanggang alas-8 at mula alas-4 ng hapon hanggang alas-5:30.

Ang mga Authorized Persons Outside of Residence (APORs) ay kinakailangan na sumailalim sa pang-araw-araw na pagsubaybay sa kalusugan sa pamamagitan ng kani-kanilang Barangay Health Emergency Response Teams (BHERT).

Samantala, apat pang mga barangay ay kinilala bilang COVID-19 areas of special concern at mahigpit na babantayan ng LGU. Ito ang mga Barangay Halang, Loma, Maitim 1st, at Maymangga.







ACCEPTING ADS - 0928-4682788*E-mail: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# PH eyes Japan's help in protecting ozone layer, climate

MANILA – The Philippines aims to secure Japan's assistance on safely disposing hydrochlorofluorocarbons (HCFCs) and hydrofluorocarbons (HFCs) from various industries nationwide.

Such assistance will enable the country to destroy HCFCs and HFCs without releasing these substances' gases into the air -- protecting the ozone layer and climate, noted the Department of Environment and Natural Resources-Environmental Management Bureau (DENR-EMB) OIC Assistant Director Vizminda Osorio.

"At present, the Philippines is coordinating with Japan's Ministry of the Environment regarding the possibility of having a destruction facility here in our country," she said during this month's Ang Tinig Klima program aired on August 27 for the 2021 observance of the annual International Day for the Preservation of the Ozone Layer (IDPOL) on Sept. 16.

Located in the atmosphere, she said the ozone layer is the mantle of ozone molecules shielding Earth from over-exposure to the sun's ultraviolet rays.

HCFCs are ozone-depleting substances (ODS) used in refrigeration and other applications but which the Philippines is phasing out in line with its commitment under the Montreal Protocol on Substances that Deplete the Ozone Layer.

Montreal Protocol is the international environmental agreement on preventing further ozone layer depletion by eliminating ODS use.

"It laid down mechanisms for control and phase-out of ODS," Osorio said.

HFCs are non-ODS alternatives to HCFCs but which have high global warming potential.

According to experts, there is a need for industry alternatives that will protect the ozone layer from further depletion without increasing global warming that is driving climate change.

Phasing down HFCs is aligned with Montreal Protocol's Kigali Amendment which the Philippines and other parties to this agreement approved in 2016, noted the Philippine Ozone Desk (POD).

POD facilitates and coordinates ODS phase-out projects and policies in the country.

The Kigali Amendment seeks to help boost the fight against climate change by requiring parties to the Montreal Protocol to gradually phase down HFC production and use, the POD added.

The Philippines has set its HFC phase-down in 2024.

Osorio said work is already underway to provide safe storage for HCFCs and HFCs in the country.

"EMB, with the help of Pollution Adjudication Board, is building a storage facility in San Mateo Rizal for such substances," she said.

Recovered HCFCs and HFCs will be temporarily stored in that facility before being delivered to the destruction facility for these substances, she noted.

Industry stakeholders concerned regularly receive EMB's reminder to always properly manage and recover respective HCFCs and HFCs so these won't leak into the air, Osorio continued.

"We're also seeking alternatives that don't destroy the ozone layer and increase global warming," she said.

"Montreal Protocol - Keeping Us, our Food and Vaccines Cool" is the 2021 IDPOL theme, said UN Environment Programme.

In 1994, UN General Assembly designated Sept. 16 of every year as IDPOL to commemorate countries' signing of Montreal Protocol in 1987.

Scientists' discovery of a hole in the ozone layer has fueled international action on the matter, including the crafting of the Montreal Protocol.

Earlier, UN Secretary-General Antonio Guterres described the Montreal Protocol as "an inspirational example of how humanity is capable of cooperating to address a global challenge" and a "key instrument for tackling today's climate crisis".

As a result of international cooperation on the matter, he said the ozone layer "is healing". (PNA)

## EDITORIAL

### Mapanganib ang pekeng balita

Mabilis magpakalat ng balita ngayon sa pamamagitan ng social media. Isang pindot lang, parang apoy nang kakalat ang balita. Marami na agad makakabasa. Pero ang masama, ginagamit ang social media para magpakalat ng maling impormasyon. Peke. Huwad. Walang katotohanan. Ngayong may pan-demic, delikadong magpakalat ng pekeng balita sapagkat magdudulot ng pagkakagulo.

Ang pagdagsa nang maraming tao sa vaccination- site sa Maynila, Las Piñas at Antipolo City noong Huwebes ay nangyari dahil sa kumalat na maling balita sa social media. Ayon sa balita, hindi raw ma-ka-kakuha ng ayuda ang mga hindi pa nababakunahan. Dahil dito nagdagsaan ang mga taong gustong magpabakuna. Nag-agawan sa pila. May nagtulakan. Nasira ang social distancing dahil marami ang gustong mauna sa pila. Maraming nagrereklamo dahil matagal na raw sila sa pila pero ang mga bagong dating ay nauna pa sa kanila.

Pinakamarami ang dumagsang tao sa Maynila. Dalawa ang vaccination sites sa Maynila – isa sa SM Manila at sa SM San Lazaro. Parang senaryo sa traslacion ng Poong Nazareno ang dami ng tao sa dalawang vaccination sites. At ang katwiran ng mga tao, kaya sila magpapabakuna ay para makatanggap ng ayuda.

Dagsa rin ang tao sa Las Piñas at sa Antipolo. Halos iisa ang kanilang dahilan kaya dumagsa sa vaccination site – para mabakunahan at makatanggap ng ayuda. Ipinaliwanag naman ng local government units (LGUs) ng tatlong lungsod na walang katotohanan ang balita. Lahat daw ay makakatanggap ng ayuda kahit walang bakuna.

Sabi ni Metro Manila Development Authority (MMDA) chairman Benhur Abalos na ipinatutugis na nila sa National Bureau of Investigation (NBI) ang nagpakalat ng fake news. Nagbabala siya sa nagpa-kalat ng maling balita na mananagot ang mga ito. Na-nawagan naman si Abalos sa mamamayan na mag-hintay sa abiso ng LGUs sa schedule ng vaccination.

Dahil sa rami ng mga taong dumagsa noong Huwebes, imposible na walang carrier ng kinatatakutang Delta variant. Dahil dikit-dikit, madaling naipapasa ang virus. Ayon sa Department of Health (DOH) limang segundo lamang at naipapasa na ang Delta variant. Hindi na nakapapagtataka kung tumaas ang kaso sa mga darating na araw.

Nararapat hulihin ng NBI ang mga taong nagpakalat ng pekeng balita. Kailangang may masampolan- para hindi na maulit ang pagkakalat ng pekeng balita. Mapanganib ang mga taong ito na walang ibang hangarin kundi manira at manggulo.

ADUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
papi MEMBER
published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite. Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com. Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA M. BALAGTAS**
Publisher

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |


ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

FamilyMart

## NAWAWALANG BAKUNA NG LUNGSOD NG IMUS, IIMBESTIGAHAN

Sinabi ng Pamahalaang Panlungsod ng Imus nitong Huwebes na magsasagawa sila ng sariling fact-finding mission ukol sa naiulat na 4,000 dosis ng bakuna na "unaccounted".

Ayon sa ulat ng "24 Oras", napag-alaman umano ng Department of Health Calabarzon na mayroong "discrepancies" o di pagkakatugma sa vaccine vials ng lungsod noong Agosto 19.

Dahil dito, aagad na pinahintulutan ni Imus, Cavite Mayor Emmanuel Maliksi ang kanyang mga opisyal sa lungsod na magsagawa ng pagsisiyasat sa di umano'y iregularidad sa kanilang rollout sa pagbabakuna.

"Ayaw siyempre natin na mabahiran ng anomalya, kung mayroon," pahayag ni Maliksi

Sa hiwalay na ulat ng "24Oras" noong Setyembre 1, sinabi ng National Bureau of Investigation (NBI) na nagsimula na rin itong mag-imbestiga tungkol sa mga nawawalang bakuna mula sa Imus. Ang mga bakuna ay ipinagkaloob umano sa mga kumpanya na handang magbayad para sa mga gamot

## FDA approves Moderna vaccine for 12-17 year olds

# Legazpi to get P9.5-M waste management grant from Japan

MANILA – The Philippine Food and Drug Administration (FDA) has officially approved the use of the Moderna Covid-19 vaccine for adolescents, allowing it to be administered to those aged 12 and up.

In a Laging Handa briefing on Friday, FDA Director General Undersecretary Eric Domingo said Moderna applied for an amendment on the emergency use authority (EUA) on their vaccine two weeks ago and has since been approved by vaccine experts and the FDA's regulatory body.

"In-approve na namin ngayong araw na ito ang paggamit—under EUA—ng Moderna vaccine aged 12 to 17 (We have approved this day the use—under EUA—of the Moderna vaccine for those aged 12 to 17)," Domingo said.

Domingo urged health professionals responsible for administering the vaccine to watch out for "very rare" occurrence of myocarditis—or heart inflammation, similar to other mRNA vaccines like the Pfizer BioNTech.

"Nakikita sa mga very few, very rarely, siguro few in several million, at mas nakikita sa mga younger males. So ito lamang ang dapat bantayan (It can be found in very few, very rarely, maybe few instances in several million and more common in younger males. So, this is what we need to watch out for)," Domingo said.

With the increasing cases and the community transmission of the highly infectious Delta variant of the coronavirus, he said experts have found that the benefits of the vaccine "outweighs the risk".

He noted that Moderna has applied for full approval with the US FDA and results are expected to be released within the month.

Not contaminated

He said the batches of the Moderna vaccine available in the country are safe to use despite reports that Japan has suspended its administration of the vaccine due to contamination.

"Kinonfirm naman natin 'yung mga doses na dineliver sa Pilipinas ay hindi po kasama sa batches under investigation (We have confirmed that the doses delivered to the Philippines are not included in the batches under investigation)," Domingo said.

He said at least three batches of the vaccine are currently being investigated for having stainless steel particles possibly caused by damaged machinery in its assembly line.

He noted that the findings on the contaminated batches have so far shown no effects on the vaccine's safety and efficacy.

"Dito po satin ay tuloy po ang paggamit ng Moderna vaccine (Here in our country, we will continue using the Moderna vaccine). At this time, there's no reason to stop it," Domingo said.

He also reminded vaccinators on the importance of inspecting vaccine vials prior to aspiration and injection to ensure its safety. (PNA)




## GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Mababago ang iyong priority dahil sa makabuluhang payo ng taong malapit sa'yo. Laging maniguro sa investment, huwag ipagkatiwala ang lahat sa iba. Makakatulong ang mga halaman na magpaganda ng iyong mood. Lucky numbers at color for the day ang 47, 36, 18, 55, 21 at mango orange.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Magiging agresibo ka na maabot ang mga pangarap. Tiyakin lang na walang maargrabya-do sa paghakbang. Lucky numbers at color for the day ang 42, 21, 33, 52, 12 at ruby red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Araw-araw lumalago ang desire na magtutulak para lumago rin sa kaalaman. Naglalandas ang kasaganahan. Lucky numbers at color for the day ang 25, 38, 18, 55, 42 at sky blue.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Masaya ang iyong kalooban dahil lumilinaw na maipu- fully paid ang malaking loan. Ingat ka sa pikot. Lucky numbers at color for the day ang 18, 21, 45, 53, 35 at emerald green.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Ang iyong life lesson ang magbibigay ng masaganang buhay. Dadaloy ang biyaya. Lucky numbers at color for the day ang 32, 49, 22, 56, 12 at mango orange.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Ang bagong love inte-rest ang magpapasaya sa buong araw. May chance na magkakilala kayo ng lubos. Lucky numbers at color for the day ang 22, 53, 15, 35, 46 at turmeric yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Ang present proposal ang magbibigay ng magandang break sa business. Kaya repasuhin ito ng mabuti. Lucky numbers at color for the day ang 22, 16, 32, 42, 53 at magenta red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) I-share ang blessing para lalong ma-bless. Hindi lahat ay magagawang i-please, kaya mind your own. Lucky numbers at color for the day ang 16, 32, 42, 53, 25 at mango orange.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Maipapasa ang a-plikasyon sa abroad, pero 50/50 ka sa puso niya. Maging consistent. Lucky numbers at color for the day ang 45, 26, 33, 12, 57 at cyan blue.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Tiyakin na naiintindihan ng lubos bago lagdaan ang kontrata. Huwag konsintihin ang palalong kamag-anak. Lucky numbers at color for the day ang 33, 16, 26, 52, 45 at tangerine.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Makikita mo in person ang iyong ka-chat. Ikaw lang ang makakaalam kung ma-excite ka sa kanya o hindi. Lucky numbers at color for the day ang 33, 55, 46, 12, 44 at shocking pink.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Makikilala mo ang mistery suitor. Bigyan siya ng pagkakataon kung single, pero idispatsa agad kung "may sabit". Lucky numbers at color for the day ang 22, 45, 16, 52, 29 at cobalt blue.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| C | O | F | F | E | E | C | U | P | C | A | K | C | Q | W |
| C | O | O | L | E | R | S | D | N | A | S | M | M | U | S |
| L | W | O | B | R | E | Z | E | E | R | F | I | N | I | M |
| O | I | D | K | Z | B | M | D | T | S | N | R | V | C | O |
| D | N | P | U | I | F | P | E | T | I | R | O | H | K | O |
| E | D | O | W | E | N | S | L | O | N | Q | E | O | C | T |
| R | O | U | H | R | R | G | V | X | U | F | O | U | O | H |
| E | W | C | H | E | F | E | B | U | S | M | L | T | O | I |
| P | S | H | L | V | N | K | U | L | S | R | I | F | K | E |
| M | P | E | H | M | P | A | M | P | E | R | E | D | E | C |
| A | E | S | I | X | C | H | E | F | S | N | X | U | R | U |
| P | O | T | C | O | O | K | E | R | R | E | D | N | O | P |
| Z | T | S | W | A | L | C | D | A | L | A | S | E | H | S |
| D | E | L | U | X | E | A | I | R | F | R | Y | E | R | Z |
| A | C | A | C | I | A | S | P | O | O | N | F | O | R | K |

COOKING BLENDER
DELUXE AIR FRYER
FOOD POUCHES
MINI FREEZER BOWL
ACACIA SPOON FORK
QUICK COOKER
SMOOTHIE CUP
MINI OVEN MITT
SALAD CLAWS
PEELER SET

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 19 NO. 28 SEPTEMBER 7 - 13, 2020 10.00

# PAGTATAYO NG RETARDING BASINS, INAASAHANG LULUTAS SA PAGBAHA SA CAVITE



Inaasahan ng Department of Public Works and Highways (DPWH) na ang pagtatayo ng mga retarding basin ay makakatulong sa mga "flood hazard area" sa Cavite lalo sa panahon ng tag-ulan at mabilis na pagbabago ng pandaigdigang panahon.

Nagpahayag ng kumpiyansa si DPWH Secretary Mark A. Villar, na ang Flood Risk Management Project sa Imus ay ang pinakamahusay na solusyon para sa mga lugar na mabilis bahain sa lalawigan.

"We have high hopes that this project will reduce flood risk to local homes and businesses," ani Villar.

Ayon kay DPWH Undersecretary for Unified Project Management Office (UPMO) Operations Emil K. Sadain, ang pagtatayo ng dalawang proyekto ng reservoir na pinangalanang Imus at Bacoor Retarding Basin ay makababawas sa "flood peak discharges" sa mga mababang bahagi ng Imus at Bacoor Rivers.

Batay sa ulat ng PIA, "Retarding basins are being constructed to temporarily store most, if not all, of the rainwater run-off during very high rainfall, to absorb and contain flooding in periods of high rain and later release at regulated flow rate."

Ang naturang proyekto ay batay sa isang master management plan para sa Imus River na inihanda ng Japan International Cooperation Agency (JICA).

## OPLAN SITA SA DASMARIÑAS, NAUWI SA ENGKWENTRO; ISA SA MGA SUSPEK, PATAY

Nauwi sa isang engkwentro sa pagitan ng pulisya at tatlong kalalakihan na sakay ng isang taxi, ang isinagawang Oplan Sita sa Barangay Salawag, Dasmariñas City bandang 12:30 kaninang madaling araw.



Ayon sa ulat ng pulisya, nagbabantay ang mga tauhan ng PCP 4 Salawag ng Dasmariñas CPS ng kanilang sitahin ang isang kahina-hinalang kulay puting taxi na walang plate number.

Gayunpaman, sa halip na tumigil ay pinatakbo ng drayber ang taxi at pinaputukan ng mga baril ang mga awtoridad dahilan upang gumanti sila ng putok upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili.

Tatlo sa mga suspek ang nagtamo ng mga tama ng baril at agad silang isinugod sa Pagamutan ng Dasmariñas para sa pagpapagamot.

Batay sa naging imbestigasyon, kinilala ang mga suspek bilang sina Jose Pepito Rusco y Velasquez, 36, nagpapagaling; Abdul Samie Sultan y Umadan, 33 nagpapagaling; at Domingo Macunay y Abenoja, na kalauna'y binawian ng buhay.

Samantala, sa pagsisiyasat ay nasamsam mula sa kanilang sinasakyan ang isang fragmentation hand grenade, isang yunit ng snub nose cal. 38 na walang serial number, at puno ng apat na live ammunitions at isang FCC; Dalawang yunit ng Cal. 45 na may serial number 916394 habang ang isa pa ay walang serial number, na may labing walong live ammunitions at dalawang FCC; apat na FCC para sa Cal. M16; siyam na FCC para sa 9MM; Dalawang pirasong HSTPS na naglalaman ng hinihinalang shabu; Isang pirasong HSTPS na naglalaman ng hinihinalang marijuana at dalawang kulay na itim na helmet.




# PHP14.3 billion worth of benefits for healthcare workers has been disbursed in two tranches

MANILA – The Department of Health (DOH) said PHP14.3 billion worth of benefits for healthcare workers has been disbursed in two tranches as of Sept. 3 this year.

The first tranche worth PHP6.4 billion, covering Sept. 15 to Dec. 19, 2020, has been disbursed, representing active hazard duty pay for 384,159 healthcare workers and special risk allowance (SRA) for 306,314 healthcare workers.

For the same period, a total of 103,096 healthcare workers received PHP991 million worth of meal, accommodation, and transportation (MAT) allowances.

On the other hand, the second tranche worth PHP6.9 billion has also been disbursed for SRAs of 379,117 healthcare workers for the period covering Dec. 20, 2020 to June 30, 2021. Further, 32,281 healthcare workers were covered with life insurance worth PHP16 million.

The DOH also said PHP570 million worth of checks has also been released to 24,034 healthcare workers as Covid-19 sickness and death compensation.

Healthcare workers from both public and private health facilities catering to Covid-19 patients are beneficiaries of the benefits.

As stated in the guidelines, the DOH through its Centers for Health Development (CHD) entered into a memorandum of understanding with health facilities to legally disburse the benefits of the healthcare workers.

It said the health facilities are then responsible for disbursing the benefits to their employees and submitting a liquidation report thereafter.

Health Secretary Francisco Duque III assured that the department will push for additional budget for the same benefits of health care workers next year as the country continues to grapple with the Covid-19 pandemic.

"Maliwanag sa amin ang sakripisyo ng mga (It is clear to us the sacrifices of our) medical frontliners," Duque said in a news release on Sunday.

Duque said the DOH has 72 registered hospitals with more than 10,000 medical front-liners all over the country.

"They, like many others, put their lives at-risk every day in order to serve patients from all over the country and from all walks of life. Kaya sinisiguro namin na maibigay ang benepisyo sa pinakamaagang panahon, at ipaglalaban talaga namin ang budget para sa patuloy na pagkakaroon nitong mga benepisyo sa susunod na taon (So we assured that the benefits will be given as soon as possible, and we will really fight for the budget of these benefits for next year)," he said. (PR)

